



Editoryal

Labanan ang kahibangan at lumalalang pasismo ni Gloria Arroyo

Tahasang pang-uulol sa mamamayang Pilipino ang talumpati ni Gloria Arroyo sa pagbubukas ng ika-14 na Kongreso nitong Hulyo 23. Malaking kahibangan ang deklarasyon ni Arroyo na mapabibiglang ang Pilipinas sa hanay ng pinakamauunlad at pinakamodernong mga bansa sa loob ng 20 taon. Tussong layunin ni Arroyo ang magayuma ang mamamayan ng kanyang mga salita habang ginagamit ang sukdulang pasistang karahasan upang panatilihin ang kasalukuyang mapagsamantala at mapang-aping sistema.


Kabulastugan ang ipinapangako ni Arroyo na pag-sulong ng Pilipinas. Sa kanyang halos isang oras na talumpati, wala siyang ginawa kundi magbasa ng listahan ng mga kalsada, tulay at iba pang proyekto sa kanyang ₱1.7 trilyong tatlong taong programang pang-imprastruktura. Ang gayong mga proyektong pang-imprastruktura ay luma nang estilo ng panloloko ng diktdurang Marcos at mga bulok na rehimen sa nakaraan upang silawin ang mamamayan at papaniwalain silang mayroong kaunlaran.

Ang totoo, walang idinudulot na makabuluhang pagbabago sa ekonomya ang paggawa ng ilang mga kalsada o mga tu-

lay. Walang iaambag ang ganito lamang sa pagpapaunlad ng atrasado at bulok na sistema ng produksyon sa Pilipinas. Hindi niyon nilulutas ang krisis sa ekonomya at kabuhayan ng mamamayan. Malala pa, ang gayong mga proyektong pang-imprastruktura ay gagamitin lamang na palabigasan ni Arroyo at kanyang mga kasabwat at sa katus-tuusa'y magiging dagdag na pabigat lamang sa mamamayan.

Ang kakulangan ng imprastruktura ay salamin, at hindi sanhi, ng labis na pagkaatrasado ng bansa. Kung walang kaakibat na pagbabago sa saligang sistema ng produksyon, walang ibang kabuluhan ang pagtatayo ng mga tulay at paglalatag ng daan-daang kilometrong kalsada kundi ang pagtakpan lamang ang kalunus-lunos na ekonomya ng Pilipinas.

Para sa mamamayang Pilipino, walang saysay ang daan-daang kilometrong kalsada sa manatlang lugmok sila sa sukdulang kahirapan. Salat na salat ang masang mag-sasaka at



Mga tampok sa isyung ito...

Gawaing pangkultura ng mga bata sa kanayunan PAHINA 5

Masem yu PAHINA 6

US Congress, nanawang itigil na ang pamamaslang PAHINA 9

manggagawa hindi lamang sa pama-sahe, kundi sa pambili ng makakain, damit at iba pang saligang pang-nailangan. Sapol ng mamamayan na ang krisis sa ekonomya at kani-lang kahirapan ay nakaugat, hindi sa kakulangan ng kalsada o tulay, kundi sa kabulukan ng sistema.

Lalo lamang pinatatampok ng kabulastugan ni Arroyo ang pagk-atrasado pa rin ng Pilipinas, mata-pos niya ilang ilit sabihing bumubwelo na ang ekonomya mula nang maupo siya sa poder noong 2001. Pinatitingkad lamang ni Arroyo ang katotohanang ang Pilipinas ay nananatiling malakolonya ng mga imperyalista at mayroon lamang malapayudal na ekonomya.


Walang pambansang industriyalisasyon at tunay na reforma sa lupa. Nananatiling nakasalalay sa mga dayuhang kapangyarihan ang ekonomya ng Pilipinas. Isa itong ekonomyang atrasado, di industriyalisado, agraryo at palagiang bahan sa krisis at utang.

Walang tinukoy si Arroyo saan-man sa kanyang talumpati kung pa-anong mapauunlad ang industriya at agrikultura at ang kabuhayan ng mamamayan. Katunayan, sa halip na bigyang-pansin at lutasin ang

mga saligang suliranin ng ekonomya, ipinagpapatuloy at ipinagtatanggol lamang ni Arroyo ang mga ito. Si Arroyo at ang naghaharing uring malalaking komprador, malalaking asendero at dayuhang malalaking kapitalista ang panunahing nakikinabang sa sistemang ito.

Sa nakaraang anim na taon sa ilalim ni Arroyo, ang ganitong kalagayan ay lalong pinasahol pa sa pama-mitan ng mga patakarang nagtaguyod sa imperyalistang "globalisasyon." Puspusang isinakatuparan ni Arroyo ang liberalisasyon, deregulasyon, pribatisasyon at denasyunalisasyon ng ekonomya na nagbunsod ng pagkawasak ng lokal na produksyon.

Kabilang sa mga hakbanging ito ang pagbibigay ng buong laya sa pagtatambak sa bansa ng mga imported na sobrang produkto sa kapinsalaan ng mga lokal na industriya at agrikultura. Binigyang-da-



an ang lubusang pagkontrol ng mga imperyalistang puhunan sa lahat ng sangay ng pambansang ekonomya mula sa mga estratehikong industriya hanggang sa mga bangko, pampublikong yutilidad, serbisyo at pagtitangi. Bi-

nibigyan rin ng buong laya na makapandambong ng likas na yaman ang mga dayuhan, laluna ang mga kumpanya sa pagmimina. Binibigyan ng buong laya ang mga dayuhang malalaking kapitalista na hugupin ang lokal na kapital. Samantala, nakatuon ang patakarang pananalapi ni Arroyo sa walang kata-pusang pagbabayad-utang.

Nagdudulot ang mga ito ng todo-todong pagkawasak ng mga produktibong pwersa ng bansa, malawakang disempreyo at papalang kahirapan at kagutuman ng mamamayan. Lalong pinalalala pa ito ng pagkakait ng karampatang badyet para sa edukasyon, kalusugan, pabahay at iba pang serbisyoong panlipunan, samantalang papabigat na buwis ang pinapapanasan sa mamamayan.

Ang nagpapatuloy na malawakang kahirapan at kaapihan ay nagtutulak sa mamamayan na bagtasin ang landas ng pakikibaka at rebolusyonaryong paglaban. Ang desperasyon at galit ng mamamayan ay patuloy na nag-aalimpuyo, kumukulo at nagbabantang sumabog sa isang makapangyarihang daluyong ng protesta.

Kaakibat ng kanyang kahibangan at panlilinlang, desperadong sinusupil ni Arroyo ang nag-aalimpuyong galit at pagtutol ng mama-

ANG BAYAN

Taon XXXVIII Blg. 15 Agosto 7, 2007

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wi-kang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikau-unlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa:

angbayan@yahoo.com

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Nilalaman

Editoryal	1
Protesta sa SONA	2
Ulat ng ADB	3
Datos ng paghihirap	4
Gawaing pangkultura ng mga bata	5
<i>Masem yu</i>	6
Pasistang pananalanta ng estado	
Masaker sa Leyte	8
CAFGU minasaker sa NCMR	8
Itigil ang karahasan-US Congress	9
Jonas Burgos, dinala sa kampo	10
Arroyo, nanghimasok sa minahan	10
Mga Pilipino, inaalipin sa Iraq	11

mayan gamit ang buong pasistang lakas ng estado. Pinakatarget ng pandarahas ng rehimeng rebolusyonaryong kilusan at pinagsusus-petsahang baseng masa nito, mga hayag na militanteng demokratikong organisasyon at iba pang masugid na tumututol sa rehimeng mga patakaran nito. Malawakan ang pamamaslang, pagdukot, pagkulong, pagtortyur, pagbuwag sa mga rali at iba pang aksyong protesta.

"Ang lakas ko bilang presidente ay nahahangganan lamang ng aking kapasyahan." Ito ang deklarasyon ni Arroyo sa kanyang talumpati—isang basbas sa kampanya ng pampulitikang panunupil na isinasagawa ng kanyang mga pwersang militar, paramilitar at pulisia laban sa mamayang Pilipino. Banta rin niya ito na sasahol pa ang karahasan sa pagwawasiwas niya ng kanyang bagong sandata—ang Human Security Act of 2007—laban sa mga tutol sa kanyang paghahari.

Walang ibang makareresolba sa nagpapatuloy na atrasado, mapandambong at mapang-aping reaksyunaryong malakolonyal at malayudal na sistemang panlipunan sa bansa kundi ang pagsusulong ng pambansa-demokratikong rebolusyon at paglulunsad ng mga pakikibakang anti-imperialista, antipyudal at antipasista.

Mapauunlad lamang ang bayan sa pamamagitan ng pagkamit ng lubusang pambansang soberanya at kalayaan sa ekonomya mula sa mga kuko ng imperialismong US at papet na reaksyunaryong estado. Dapat ipatupad ang pambansang industriyalisasyon at tunay na reforma sa lupa na magsisilbing motor ng modernisasyon at tunay na pag-unlad ng ekonomya. Para lumaya ang mamamayan mula sa pang-aapi at panunupil, dapat itayo ang rebolusyonaryong gubyernong bayan at ang dapat pairalin ay ang tunay na demokrasyang bayan.

AB

Protesta sa SONA ni Arroyo



Habang nagtatalumpati si Arroyo sa ika-14 Kongreso sa Batasan Pambansa sa Commonwealth Avenue, Quezon City, sa labas ni-to ay idinaos ng iba't ibang progresibong organisasyon at mga alyado ng BAYAN ang "SONA ng Bayan".

Umaga pa lamang ng Hulyo 23 ay dumating na sa Ever Gotesco ang mga raliyista mula sa Southern Tagalog ngunit malupit silang itinaboy ng mga *anti-riot police*. Sa kabilang mga panggigipit na ito (10,000 pulis ang ipinakat bukod pa sa nakalistambay na militar), umabot noong bandang alas-2:00 ng hapon sa 8,000 ang dumalo sa "SONA ng Bayan".

Dagdag sa mga aktibistang kasapi ng KMU, Kadamay, KMP, Pamalakaya, LFS, Anakbayan, Kalikasan-PNE, Karapatan, Bayan Muna, Gabriela Women's Party at Anakpawis, dumalo rin ang 50 aktibista mula sa Belgium, Burma, Canada, Korea at US. Naghandog ng mga awit at sayaw ang mga aktibista mula sa Korea at BAYAN-USA Chapter. Sa buong hapon na iyon, nakihalubilo sa mga aktibista si Sen. Ana Consuelo "Jamby" Madrigal sa halip na makinig sa talumpati ni Arroyo.

Nagkaroon din ng mga pag-

kilos sa Iloilo City (2,000) Roxas City (700), Kalibo (350), Bacolod City (1,000), Cebu City, Davao City, Daraga, Albay at Laoag City sa Ilocos Norte.

Sa ibayong dagat, naglunsad ng kilos protesta ang Kapatiran sa Gitnang Silangan sa Jeddah, Saudi Arabia. Nagkaroon din ng pagkilos ang mga migrante sa Hong Kong sa ilalim ng United Filipinos (Unifil) in Hong Kong. Umabot sa 400 kasapi ng Unifil ang nagmartsa papuntang konsulada ng Pilipinas noong Hunyo 22, bisperas ng talumpati ng Arroyo.

Sa Canada, nagpiket ang mga kasapi ng Montreal Centre for Philippine Concerns noong Hulyo 23 sa Montreal. Sumama sa piket ang PINAY, organisasyon ng mga kababaihang Pilipina sa Quebec at iba pang mga organisasyong Pilipino at kanilang mga tagasuporta.

Naglunsad rin ng mga kilos protesta sa apat na syudad ng USA—sa New York, Seattle, Los Angeles at

sundan sa "Protesta...," pahina 4

Pilipinas, nahuhuli sa Asia

Pinawalansaysay mismo ng maka-imperialistang institusyon Asian Development Bank (ADB) ang pinagsasabi ni Gloria Arroyo na magiging maunlad at industriyalisado ang Pilipinas sa loob ng 20 taon.

Lumabas sa pag-aaral ng ADB na isa ang Pilipinas sa pinakahanuhuli sa pag-unlad sa buong Asia-Pacific Region, kahit kumpara sa iba pang bansang napapabilang sa mga atrasado at di industriyalisadong mga bansa sa rehiyon. Ayon sa pag-aaral, kung ikukumpara ang tantos ng pag-unlad ng Per Capita Gross Domestic Product (Per Capita GDP o lokal na produksyon ng bawat mamayan) sa iba't ibang bansa, mababa sa abereyds ng buong rehiyon (HK\$5,298 katumbas ng ₱30,500) ang sa Pilipinas (HK\$1,914 o katumbas ng ₱11,000). Napakalayo rin nito sa mga pinakamatataas na antas: 16 ulit na mas mataas ang sa Brunei Darussalem kumpara sa Pilipinas, 14 ulit na mas mataas ang sa Singapore at doble na mas mataas maging ang sa Thailand.

Ayon pa sa ADB, aabutan ng 77 taon bago maabot ng Pilipinas ang antas ng Brunei Darussalem at 23 taon para maabutan ang Thailand.

Datos ng kahirapan

Lang naghihirap ang masang Lanakpawis sa ilalim ng rehimeng Arroyo.

Umaabot sa 69 milyon o 80% ng mga Pilipino ang nagtitiis sa mas mababa pa sa ₱96 bawat araw. Lampas 46 milyon ang dumaranas ng gutom araw-araw.

Kung pagsasama-samahin ang lahat ng mga kita (*income*) ng mamaayan, 37% nito ay nakokopo ng pinakamayayamang 10% ng mga pamilya sa bansa. Umaabot sa 31% ang kanilang bahagi sa kabuuang gastos at 63% sa kabuuang naimpok ng bansa.

Sa kabilang banda, pinaghahati-hatian ng 70% ng mga pamilya ang 35% ng kabuuang kita. Umaabot lamang sa 39% ng kabuuang gastos ang kanilang bahagi at napakaliit lamang na porsyento sa kanila ang nakakapag-impok.

Maraming pamilya ang lubog sa utang (30% sa pinakamahihirap na pamilya) dahil sa kakulangan ng kanilang kita para sa pagkain at iba pang pangangailangan.

Mas mababa ngayon ang tunay na halaga ng sahod at sweldo. Dahil sa taas ng presyo ng mga bilihin at serbisyo, ang isang piso (₱1) ay nagkakahalaga na lamang ng 70 sentimo sa pamilihan.

Patuloy na nakapako ang sahod sa ₱300/araw gayong ayon mismo sa mga tantya ng gubyerno, kakailanganin ng isang anim-kataong pamilya ng ₱788 bawat araw para mabuhay nang disente.

Pinakamataas ngayon ang tantos ng disemployo at kakulangan ng trabaho. Abereyds na walong pagawaan ang nagsasara bawat araw na nangangahulugan ng pagkakasisante ng 156 manggagawa kada araw. Di nakakapagtaka na mahigit 3,000 manggagawang Pilipino ang nanginibang-bansa araw-araw para makakita lamang ng sapat na trabaho.

Sa ngayon, umaabot na sa 30 milyong Pilipino o 34% ng populasyon ang maituturing na maralitang tagalunsod. Mahigit 40% ng populasyon sa mga syudad ay nakatira sa mga komunidad nang walang disenteng bahay at batayang panlipunang serbisyo.

Ayon naman sa sarbey ng IBON Foundation nitong Hulyo, umabot sa 76.8% ng mga Pilipino ang tumuturing sa kanilang mga sarili na dukha. Mas mataas ito kaysa sa 67.6% na resulta noong Enero at 69.3% noong Hulyo 2006.



mula sa pahina 3 "Protesta..."

San Francisco sa California. Pinamunuan ang mga ito ng BAYAN-USA at National Alliance for Filipino Concerns ang protesta sa harap ng Philippine Consulate sa New York. Sumama sa pagkilos ang tinaguri-

ang "Sentosa 27". (Mga Pilipinong *health care giver* na niloko sa US ng Sentosa, isang dayuhang *recruitment agency*.) Sumuporta sa kanila ang ibang organisasyong pangmi-grante na nakabase rin sa New York.

Sa Los Angeles, sumama sa protesta ng Bayan-USA ang Habi

Arts, Anakbayan at Pilipinos Organizing Workers for Empowerment and Respect. Sa Seattle, naglunsad ng "white ribbon movement" ang Pinay sa Seattle, Anakbayan at Philippine-United States Solidarity Organization sa Philippine Fiesta.

Gawaing pangkultura ng mga bata sa kanayunan

Sa mga rebolusyonaryong baseng masa, kabilang ang mga bata sa masiglang nakapag-aambag sa pagsusulong ng rebolusyonaryong gawaing pangkultura at iba pang rebolusyonaryong gawain sa baryo.

Sa isang sonang gerilya sa Bicol, isang grupo ng mga batang aktibistang pangkultura ang masiglang gumagampan ng mga gawaing pangkultura kaakibat ng paglulunsad ng mahahalagang kampanyang masa.

Isa sa kanila si Rica, 19 taong gulang. Narekrut siya sa grupong pang-organisa ng mga bata nang imbitahan siyang magtanghal sa anibersaryo ng Partido sa kanilang lugar noong 15 taong gulang pa lamang siya.

Sa gabay ng lokal na yunit ng Bagong Hukbong Bayan at kasama ang isang nakababatang kapatid at isang pinsan, sinimulang buuin niña Rica ang grupong pang-organisa ng lokal na balangay ng Samahan ng Makabayang Bata (SMB), ang rebolusyonaryong organisasyon ng mga bata sa kanayunan. Nakarekrut pa sila ng dagdag na mga myembro mula sa kanilang mga kalaro, kaklase at malalayong kamag-anak. Nang ipagpaalam ang pagpapasapi rito ng mga bata, malugod na sumang-ayon ang kanilang mga magulang, laluna nang ipaliwanag sa kanila ng mga kasama sa hukbong bayan ang halaga ng magiging gawain ng kanilang mga anak sa SMB.

Taong 2005 nang mabuo ang SMB sa baryo na may 10 myembro ng edad 8-16 anyos. Ipinailalim ang grupo sa pangangasiwa ng lokal na balangay ng PKM (Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid). Ginagabayang din sila ng sangay

ng Partido sa baryo. Noong una'y isang nakatatandang pinuno ng PKM ang tumayong timlider ng nasabing organisasyon. Di nagtagal ay tuluyang ipinaubaya na kay Rica ang pamumuno sa SMB.

Kabilang sa mga kampanyang nilahukan ng SMB ang pagpababa sa singil sa resikada (porsyentong ibinabawas ng mga kumprador sa presyo para umano sa pagpapatuyo ng kopra dahil sa pagkabasa nito) at ang paglaban sa militarisasyon sa kanilang lugar.


Sa murang mga edad nila'y kalahok na sila sa produksyon at dumaraan sa hirap, kaya lubos na nababatid nila ang mga ipinaglala-

ban ng mga taumbaryong magsasaka. Nakasalalay ang kabuhayan nila sa paggigiit ng paglaban sa iba't ibang paraan ng pagsasamantala at pandaraya ng mga komprador, panginoong maylupa at iba pang naghaharing uri. Bukod sa nasasaksihan at napag-aalaman nilang mga kaso ng karahasan at pagmamalupit ng mga kaaway na militar sa mga magulang nila at iba pang taumbaryo, may mga pagkakataong sila mismo ay biktimma rin ng pandarahas at pananakot ng militar. Pinag-iinitan sila ng militar sa kanilang mga pagtatanghal at kung minsan ay kinukunan sila ng litrato at hinaharas ng mga sundalo sa mga tsekpoyn. Sa ganitong mga pagkakataon ay hindi na nila muna itinutuloy ang kanilang pagtatanghal para hindi sila malagay sa dagdag na panganib. Sa kabilang mga ito'y hindi sila natitigas sa kanilang gawain.

Tuluy-tuloy na nagpapakahusay ang mga bata sa kanilang mga presentasyon sa pamamagitan ng mga pag-aaral, *workshop* at pag-eensayo. Nakabuo na ang grupo ng mga

dula at kanta para sa kanilang mga pagtatanghal. May pagkakataong pinapalitan lamang nila ang mga liriko ng ilang burgis na kanta para bigyan ng rebolusyonaryong kahulugan ang mga ito at maiugnay sa kampanyang masa.

Sila-sila na ang nag-iinisayiba sa kanilang mga pagsasanay para sa kanilang mga pagtatanghal, di tulad ng dati na tinuturuan pa sila ng mga kasama sa hukbong bayan at iba pang nakatatanada sa kanila.



Bata pa man ay huwaran na sila sa mga kapwa bata sa kanilang lugar. Batid ng mga myembro ng SMB ang kanilang karapatan bilang mga bata bukod sa mga bagay na maaari na nilang iambag sa rebolusyon. Maaga pa lamang ay natutunan na nila ang pakikibagay at paglilingkod sa mga kapwa bata at sa lipunan, at kung papaano ang maayos na pagpapatakbo ng organisasyon. Halimbawa, nagbabalangkas sila ng plano at nagtatasa sila pagkatapos ng bawat pagtanghal. Naglulunsad rin sila ng pagpuna at pagpuna sa sarili. Ipinatitimo rin sa kanila ang kahalagahan ng pagkilos nang lihim.

Ngunit ang pinakamalaking naging ambag ng SMB ay ang pag-sasanib ng ilang myembro nito sa BHB kapag inabot na nila ang tamang edad. Apat na sa mga dating kasapi nila ay mga Pulang mandirigma na at nagbabalak ding sumapi sa BHB ang marami pang iba pag-abot nila ng 18-taong gulang. Bilang mga batang rebolusyonaryo, nakikita na nila ang kahalagahan ng armadong pakikibaka.

Sa inupuan ng lokal na yunit ng BHB na paglalagom ng karanasan sa pagbubuo ng SMB, nakita ang mahalagang ambag nito sa pag-oorganisa ng masang magsasaka at pagsusulong ng rebolusyonaryo. Partikular na hinilawan ng aral ang tulong ng pagtatanghal ng grupong pangkultura ng mga bata sa pagsusulong ng kampanyang masa laban sa resikada at para sa pagpapataas ng presyo ng kopra. Tinukoy din ang papel ng grupo bilang balon ng mga nagpapasyang maging Pulang mandirigma pagsapit sa wastong edad. Batay sa lahat ng ito ay bumuo ang nasabing yunit ng BHB ng burador ng mga obserbasyon at punto para sa hakbang-hakbang na pag-oorganisa ng grupo ng mga bata sa baryo. **AB**

Sama-samang pagkilos ng komunidad

Masem yu!

Ang balitang ito ay halaw sa isyung Hunyo-Hulyo 2007 ng Dangadang, ang rebolusyonaryong pahayagan ng rehiyon Ilocos-Cordillera. Dagdag ito sa nauna nang naibalita sa Ang Bayan hinggil sa mobilisasyon ng taumbayan para palayain ang anim na kabataang taga-Kili, Tubo, Abra na pinagdarakip at ikinulong ng mga pasistang militar. Pagtutuwid rin ito sa nauna nang naibalita na lahat ng mga biktima ay kabataang estudyante ng Sagada, Mt. Province.



Pauwi na mula sa pakikisaka sa Sagada, Mt. Province ang apat na babaeng taga-Kili, Tubo, Abra noong Byernes, Hunyo 15. Kasabay nila ang dalawang lalaking kabataang taga-Kili rin na nag-aaral sa Bangaan, Mt. Province na pauwi rin sa baryo. Habang bina-bagtas nila ang daang Bangaan-Buasao-Kili, nabalitaan nilang may operasyon ang militar sa hangganan ng Ilocos Sur, Mt. Province at Abra, na sumasaklaw sa kanilang baryo. Dahil ang dinadaanan nila ay normal na ruta ng mamamayan sa lugar, kabado man ay itinuloy ng mga babae ang paglalakad sa pagnanais na maiuwi nila agad ang kanilang kita mula sa pakikisaka. Gayundin ang mga kabataang estudyante na may kaugaliang umuwi sa kanilang mga pamilya tuwing Byernes pagkatapos ng mga klase.

Nakasalubong nila sa daan ang mga tropa ng 41st IB na kilala sa maraming paglabag sa karapatang-tao. Walang kaabug-abog na hinuli ng mga sundalo ang apat na babae (sina Josie Padingil, 35; Isabel Lawagan, 37; Josefa Banglay, 45; Jane Dumalig, 26) at dalawang kabataan (sina Egan Lumebyang, 18 at Sumil Maguinsay, 15). Tinakot at ininteroga ng mga sundalo ang mga biktima at sapilitang isinama sa operasyon. Pinagsuot pa ng komoplahe ang dalawang lalaki habang naglalakad sa bundok para malagay sila sa kapahamakan kung may maeengkwentrong mga pwersa ng Bagong Hukbong Bayan.

Samantala, sa Baryo Kili, nagsimula nang maalarma ang mga kamag-anak ng anim na nawawala. Kataka-takang ilang araw nang hindi pa dumarating ang mga ito, samantalang walo hanggang sampung oras lamang ang laked mula Bangaan hanggang Kili.

Sa pakikipag-ugnayan sa mga taga-Sagada sa pamamagitan ng lambat ng komunikasyon sa radyo ng mga baryo, nalaman nilang na-

kaalis naman ng Sagada ang anim. Agad nag-usap ang mga taga-Kili para puntahan ang Sagada at alamin ang eksaktong nangyari sa mga nawawala. Ipinaabot din sa lambat ng radyo sa lahat ng baryo sa hangganan ng Abra at Mt. Province ang paghahanap nila sa mga nawawalang taga-Kili. Magkababay ang mga mamamayan ng Bangaan at Kili na nagmobilisa para hanapin ang anim. Pinuntahan nila ang mga upisyal ng kani-kanilang lokal na pamahalaan upang makatulong sa paghahanap. Pinuntahan din nila ang mga kalapit na kampo militar ngunit todo-tanggi ang mga upisyal ng AFP doon na may alam sila tungkol sa mga nawawala.

Naipabot din sa mga yunit ng BHB ang nangyaring pagdukot bagamat hindi kumpleto ang datos na nakuha ng mga gerilya. Ang nakaabot lamang sa kanila ay anim na kabataan ang nawawala at posibleng nadukot ng kaway. Agad itong ipinarating sa mga kinauukulan at naipabot sa *Ang Bayan*. Nanawagan noong Hunyo 21 si Gregorio "Ka Roger" Rosal, tagapagsalita ng Partido, na agad palayain ang anim na biktima. Kinundena niya ang pagdukot ng militar sa mga kabataan. Kinundena rin ni Simon "Ka Filiw" Naogsan, tagapagsalita ng Cordillera Peoples' Democratic Front ang AFP at pinanawagang itigil na ang isinasagawang mga operasyong militar at terrorismo ng AFP sa Abra, Mt. Province at Ilocos Sur, na nagpahirap sa mga taumbaryo sa kabundukan at bumubulabog sa kanilang gawaing pangkabuhayan. Inilantad rin niya na ginagawang kampo ng



mga militar ang ilang paaralan at dahil dito ay natigil ang pag-aaral ng mga bata.

Pagkatapos nito, naging tampok nang balita ang pagdukot sa anim na kabataan sa lokal at nasyunal na radyo, telebisyon at dyaryo. Nagkalubid-lubid ang dila ng mga upisyal-militar sa pag-iimbento nila ng mga kwento hinggil sa pagkawala ng anim. Ayon kay Maj. Gen. Rodolfo Maclang, hepe ng 5ID, pumasyal lamang daw sa Baguio ang mga ito. Nagpasaring naman ang hepe ng 503rd Bde na si Col. Loreto Rirao na baka BHB ang dumukot sa mga nawawala dahil gumagamit daw ito ng mga bata. Aniya, itinanggi naman ng meyor ng Tubo na may nawawalang kabataan. Subalit nang sabihin na ng naturang meyor na may hinahanap nga silang mga nawawalang taga-Tubo ay pinalitan ni Rirao ang kwento at sinabing nawala raw sa

bundok ang mga ito! Inulit din niya ang katawa-tawang kwento na namasyal daw muna sa Baguio ang mga nawawala.

Sa lakas na ng presyur mula sa mamamayan ay napilitan ang militar na palayain ang apat na babae noong huling linggo ng Hunyo. Ngunit patuloy nilang ikinulong sa kampo militar ang dalawang kabataang estudyante.

Nabalitaan ng mga taga-Kili at Sagada na doon ikinulong sa malayong kampo ng 41st IB sa Lagangilang, Abra ang mga estudyante.

Nagbuo ulit ng malaking delegasyon ang mga taga-Kili para bumyahe papuntang hilagang Abra noong Hunyo 25. Humingi rin sila ng tulong para rito mula sa mga upisyal ng kani-kanilang bayan. Nang mapilitan na silang harapin ang delegasyon, inamin na rin ng

mga upisyal sa kampo na hawak ngila ang dalawa. Pero nagpalusot sila na kaya lamang daw nila hinawakan ang mga ito ay para proteksyunan sila at hindi madukot ng BHB. Dagdag sa pagsisinungaling, ipinagkanulo pa nga raw ng dalawang kabataan ang kinalalagyan ng mga kampo ng BHB.

Galit na galit ang mga kamaganak at kababaryo ng anim na dinukot sa mga ginawa ng militar, lalo na sa pagkaladkad sa mga kabataan sa mga operasyon nila. Pinrotesta nila ang isiniwalat ng dalawang biktima na ipinailalim sila sa sikolohikal na tortury. Igininit ng mga taumbaryo na itigil na ang mga operasyong militar dahil sa la-ki at tindi ng idinudulot nitong pinsala sa kanilang kabuhayan.

Tinugunan ng BHB ang mahigpit na hiling ng mamamayan sa tatlong prubinsya na parusahan ang mga pasistang pwersa dahil sa ginagawa nilang mga karahasan at pagpapahirap sa mamamayan. Laking tuwa ng mamamayan doon nang maibalita ang pag-ambus ng BHB noong Hunyo 17 sa isang yunit ng 50th IB sa Pananuman, Tubo at ang matagumpay na taktikal na opensiba ng Agustin Begnalen Command sa Luba, Abra laban sa mga pwersa ng 41st IB noong Hunyo 25. Sa ambus sa Tubo, isang sundalo ang namatay at marami pa ang sugatan. Kinailangan pang magpatawag ng helikopter ang kaway para bombahin ang lugar at iatras ang kanilang mga sugatan.

Pitong sundalo naman ang namatay sa labanan sa Luba.

"Masem yu!" sabi ng mamamayan sa lugar. "Aped yu tiliwen nan an-ak mi ay maid basbasol da. Pinaligat yu, binutbuteng yu sa pay insarang daida as peggad." (Mabuti nga sa inyo. Basta na lamang ninyo kasi dinudukot, pinahirapan, tinatakot at inilalagay sa panganib ang aming mga anak.)

AB



Apat na sibilyan sa Leyte, minasaker ng militar

Dumarami ang biktima ng militarisasyon sa kanayunan at kalusuran. Apat na sibilyan ang minasaker ng nag-ooperasyong mga sundalo sa Leyte habang paparaming maralitang komunidad sa Kalmaynilaan ang pinapakatan ng daan-daang tropa. Sa Kalinga, walang nakamit na katarungan ang 11 biktima ng pagmasaker ng militar at pulisia noong Hunyo nang absweltuhin ang mga tropang responsable sa karumal-dumal na krimen.

Hulyo 23. Pinagbabaril ng mga nag-ooperasyong tropa ng 19th IB ang apat na sibilyang pinaghiihilaan nilang myembro ng Bagong Hukbong Bayan sa Barangay Tinghub, Villaba, Leyte. Nasawi sina Feliciano Labrador, ang kanyang asawang si Leonora, ang kanilang 12-taong gulang na anak na si Anthony at isa pang nagngangalang Jezrel sa sinasabi ng militar na lehitimo umanong engkwentro. Mariing pinabulaanan ng mga kamag-anak ng mga biktima na myembro ng BHB ang mga pinagbabaril. "Mga ordinaryo lang silang sibilyan," giit nila. Pinabulaanan din ng mga pulis sa naturang lugar na nagkaroon ng engkwentro sa pagitan ng mga gerilyang pwersa ng BHB at ng militar.

Hulyo 10 hanggang ngayon. Mariing binatikos ng mga militarteng grupo ang muling pagtatalaga sa mga maralitang komunidad ng Metro Manila ng mahigit 200 tropang militar para labanan ang presensya umano ng mga myembro ng BHB sa naturang mga lugar. Sinimulang italaga ang 70 tropa sa Quezon City, 30 tropa sa Taguig at karagdagang 160 tropa sa Maynila at Caloocan noong ikalawang ling-

go ng Hulyo. Habang nasa komunidad ay maglulunsad ang militar ng mga pulong masa at bibisitahin nila ang mga *day care center* para ipaalam sa mga bata ang umano'y kasamaang dulot ng komunismo.

Ikalawang linggo ng Hulyo. Sa Kalinga, sa halip na parusahan ang mga pulis at militar na nagmasaker sa mga setler sa Sityo Malapiat, Barangay San Pascual,

Rizal noong Hunyo 25 (*tingnan ang isyung Hulyo 7 ng Ang Bayan*), pinawalansala sila ng mga imbestigador at *regional director* ng Commission on Human Rights (CHR)-Cordillera. Sa ulat na isinumite ng mga imbestigador sa CHR, sinabi nila na pagdepensa lang umano ang ginawang pamamaril ng mga pulis at militar sa mga setler. **AB**

5 CAFGU minasaker ng mga sundalo


Imagang elemento ng CAFGU ang minasaker ng mga elemento ng 29th IB sa Kinamaybay, Las Nieves, Agusan del Norte noong Hunyo 28. Pinagbuntunan ng galit ng mga sundalo sina Joel Bilayong, Albert Tanyo, Humoc Tinabla, Legal Mansinugdan at Junie Bilayong matapos silang mabigong habulin ang mga Pulang mandirigmang nagsagawa ng reyd sa detatsment sa 23rd IB noong Hunyo 27 sa Lawan-Lawan, Las Nieves, Agusan del Norte. Namatay sa reyd na ito ang kumander ng detatsment.

Kasama ng mga sundalo ang naturang mga elemento ng CAFGU sa pagtugis sa mga mandirigma. Patraydor silang binaril ng mga sundalo sa simpleng pagdududang nakipagsabwanan sila sa BHB. Upang

pagtakpan ang kanilang krimen, pinalabas ng mga sundalo na namatay ang lima sa isang amibus ng BHB.

Pero dahil marami ang nakasaksi sa ginawang pagpaslang ng mga sundalo sa kanilang mga kasamahan, kaagad itong naging usap-usapan. Nagdulot na ito ng matinding demoralisasyon sa hanay ng CAFGU. Nang malaman ng iba

pang elemento ng CAFGU sa lugar ang nangyari, agad silang nagsilisan. Kaagad namang ibinunyag ng mga kamag-anak ng biktima sa mga lokal na radyo ang mga tunay na pangyayari. Pero dahil sa pananakot, napilitan ang mga kamag-anak na pansamantalang iatras ang kanilang mga hinaing.




Kinundena ng National Democratic Front-North Central Mindanao
sundan sa "5 Cagfu...," pahina 9

Itigil na ang pampulitikang karahasan, panawagan ng kongreso ng US kay Arroyo

Mariing kinundena ng 49 na kongresman ng US ang walang habas na pampulitikang pamamaslang at iba pang pang-aabuso sa karapatan-tao sa Pilipinas. Ang mga kongresman ay kapwa galing sa partidong Republican at Democrat. Sa isang liham na ipinadala nila nitong Agosto 1 kay Gloria Arroyo, sinabi ng mga Amerikanong kongresman na "dapat agaran nang wakasan" ang "mga nagpapatuloy na hayagang pamamaslang at marami pang paglabag sa karapatang-tao" sa bansa.

Dagdag nila, dahil na-kikita sa maraming naisadokumentong kaso ng mga ekstrahudisyal na pamamaslang at pang-aabuso sa karapatang-tao na sangkot ang rehimeng men at mga galay may nito sa militar at pulisia, marapat lamang na imbestigahan at parusahan ang mga indibidwal o grupo na may kinalaman sa mga krimeng ito. Higit pa, dapat pa-wiin ang mga dahilan ng gantong mga karahasan, anila.

Tinukoy ng mga Amerikanong mambabatas na ang planado at sistematikong programa ng "kontra-insurhensiya" at ang ayudang pondo ay galing sa gubyerno ng US at tuwiran o di tuwirang ginagamit



ng PNP at AFP sa paghahasik ng karahasan. Naba-bahala sila na ang ayudang ibinibigay para sa pagsasanay sa mga pwersang militar at pulisia ng rehimeng men at pagpapahusay ng mga gamit-militar ay ginagamit sa paglabag sa karapatang-tao.

Kabilang sa mga nag-ispensor sa sulat na ito sina James L. Oberstar

(Democrat-Minnesota) at Joseph R. Pitts (Republican-Pennsylvania). Kasama sa mga pumirma ang mga tagapangulo ng mga komite: Tom Lantos (Democrat-California), Committee on Foreign Affairs; David Obey (Democrat-Wisconsin), Ways and Means Committee; Mike Honda (Democrat-California), Asian-Pacific American Caucus; at John Lewis (Democrat-Georgia), Oversight Subcommittee.

Sinabi naman ng National Council of Churches in the Philippines na magpapatuloy ang kampanya ng mga simbahang Protestante at mga komunidad na Pilipino sa US upang tiyaking maipasa sa US Congress ang panukala na kaltasan ang ayudang militar ng US sa Pilipinas sa 2008.

Nitong nakaraang linggo, ipinabot din ng European Union at Japan sa rehimeng kanilang pagkabahala sa lumalalang sitwasyon sa karapatang-tao. Kinundena rin ng 1,700 guro na dumalo sa 5th World Congress of Education International sa Berlin, Germany noong Hulyo 22-26 ang malawakang paglabag sa karapatang-tao sa Pilipinas. AB

mula sa pahina 8 "5 Cafgu..."

(NDF-NCM) sa isang pahayag ang karumal-dumal na masaker at nana-wagan ito ng hustisya para sa limang elemento ng CAFGU at kani-lang mga pamilya.

Hindi ito ang unang pagkakataon kung saan ang mga elemento ng CAFGU ang pinagbuntunan ng sisi at galit ng mga regular na sundalo sa North Central Mindanao. Hanggang ngayon ay nakakulong pa rin

ang mga elemento ng CAFGU na inakusahang nakipagsabwatan sa BHB nang salakayin ng mga Pulang mandirigma ang detatsment ng militar sa Boco, Banlag, Valencia City noong Agosto 2006. Dalawampu't siyam na armas ang nasamsam ng mga Pulang mandirigma sa reyd na ito.

Nananawagan din ang NDF-NCM sa lahat ng mga elemento ng CAFGU sa buong kapuluan na tumiwalag na sa sa grupong paramilitar.

Maliban sa karaniwang sapilitang pagrerekrut sa kanila, palagian na lamang silang ipinambabala ng pasistang hukbo sa mga kontramamayang operasyon. Sila ang laging inilalagay sa unahan ng mga operasyon kung saan pinakabulnerrable silang matamaan kapag may sumiklab na labanan. Kapag naka-karanas naman ng pagkatalo ang AFP, sila ang karaniwang isinasangkalan at pinagbubuntunan ng galit at sisi. AB

Jonas Burgos, dinala sa mga kampo militar


I sa pang testigo ang nagpaabot ng imformasyon na nagpapahayag na totoo na mga militar nga ang dumukot kay Jonas Burgos, aktibistang anak ng anti-Marcos na peryodistang si Joe Burgos.

Ayon sa testigo, na nagsabing isa siyang dating ahente ng National Intelligence Coordinating Agency, nagkataong nasa Ever Go-tesco Mall siya noong Abril 28 nang dukutin si Jonas. Sakay ng isang motorsiklo, nasundan niya ang mga sasakyang ginamit sa pagdukot (may plakang WAM-155 at XBC-881) at nakitang pumasok ito sa upisina ng ISAFP sa Camp Aguinaldo. Pagkatapos nito ay tumundo ang mga sasakyang Office of the Commanding General at sa Military Intelligence Service Group sa Fort Bonifacio.

Mula noon ay napag-alaman na ng mga imbestigador na ang sasakyang may plakang XBC-881 ay nakaasayn sa upisina ni Gen. Romeo Tolentino, hepe ng AFP.

Samantala, nagrali nitong Hulyo 6 ang Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) para gunitain ang ika-100 araw ng pagkawala ni Jonas Burgos. Nagsuot ang mga nagprotesta ng mga maskarang litrato ni Jonas, dahil anila, si Jonas Burgos ang mukha ng daan-daan pang ibang biktima ng pagdukot.

Humigit-kumulang 200 na ang dinudukot at hindi pa natatagpuan, ayon sa grupong Karapatan. **AB**

Rehimeng Arroyo, nanghimasok sa minahan sa bansa

Tuluyan na ngang isinakatuparan ng rehimeng Arroyo ang pandarambong nito sa likas na yaman ng bansa matapos nitoakuin ang kontrol sa buong sektor ng pagmimina sa Pilipinas.

Sa pamamagitan ng Executive Order No. 636 na pinirmahan ni Gloria Arroyo noong Hulyo 18, direkta nang hahawakan ng Malacañang ang Philippine Development Mining Corporation (PDMC). Ang PDMC ay isang korporasyong pagmamay-ari ng gubyerno na nangangasiwa sa industriya ng pagmimina at nag-aapruna sa mga bagong proyekto sa pagmimina. Nagsasagawa rin ito ng *exploration*, aktwal na pagmimina at pangangalakal ng mga mineral.

Halos kasabay ng pagkontrol sa PDMC ay itinalaga ng mga ali-pures ni Gloria Arroyo sa Kongreso si Rep. Ignacio "Iggy" Arroyo, bayaw ng pekeng presidente bilang pinuno ng House Committee on Natural Resources. Sa pagkakahirang dito ng bayaw ni Arroyo, matitiyak na ng Malacañang na ang apanuan mang batas hinggil sa pagmimina ay papabor sa naghaharing pangkatin at sa amo nitong mga imperialista, at aayon sa maka-imperialista at mapandambong na RA 7942 o ang Mining Act of 1995.


Mula nang isabatas ang Mining Act of 1995, bilyun-bilyong piso na ang dinambong ng mga

dayuhang minahan at siyam na milyong hektaryang lupain na ang kinamkam nila para sa eksplorasyon at ekstraksyon ng mga mineral. Malawakang pinsala na rin ang idinulot ng kanilang mga operasyon sa ekonomya at kalkasan ng bansa.

Sa isang pahayag, nanawagan sa mamamayang Pilipino si Gregorio "Ka Roger" Rosal, tagapagsalita ng Partido, na tutulan at labanan ang anumang klase ng pandarambong sa likas na yaman at mineral ng bansa. Aniya, dapat man-

nagot ang rehimeng Arroyo sa pagpabor nito sa interes ng mga dayuhang imperialista at mga kasabawat nitong lokal na kapitalista. Iginiiit din si Rosal ang pagbabasura sa Mining Act of 1995, na ipinanukala ni Gloria Arroyo nang senador pa siya.

Ipinahayag din ni Rosal ang atas ng Partido sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) na maglunsad ng mga pamarusang aksyon at iba pang karampatang hakbang laban sa mga dayuhang minahan laluna sa mga territoryong saklaw ng rebolusyonaryong kilusan. **AB**





Mga manggagawang Pilipino, nilinlang at inaalipin sa Iraq

Sapilitang pinagtatrabaho ang mga manggagawang Pilipino ng mga kontraktor na Amerikano sa Iraq. Kadusta-dusta at api ang kalagayan ng mga manggagawang Pilipino na pwersahang dinala sa Iraq at pinagtatrabaho roon na parang mga alipin.

Ito ang ibinunyag ng isang manggagawang Amerikano sa harap ng isang imbestigasyon ng Senado ng US kaugnay sa konstruksyon ng kanilang embahada sa Baghdad nitong Hulyo 27. Ayon kay Rory Mayberry, isang *medical technician* na empleyado ng First Kuwaiti Trading & Contracting Company, nakasabay niya sa eroplano mula Kuwait ang 51 Pilipino noong Marso 2006. Buong akala ng mga Pilipino na papunta sila sa Dubai para magtrabaho sa mga hotel doon. Laking gulat na lamang nila nang ianunyo ng kapitan ng eroplano nang nasa ere na sila na papunta sila sa Iraq at hindi sa Dubai. Galit na galit ang mga Pilipino sa panloloko na gina-wa ng kumpanya ngunit wala na silang magawa. Tumestigo si Mayberry dahil hindi niya masikmura ang pangingidnap at ismagling ng First Kuwaiti sa mga manggagawang Pilipino.

Bagamat walang mga pasaporte at awtorisasyon para magtrabaho, madaling naipuslit ang mga manggagawang Pilipino sa gwardyadong seksyon kung saan itinatayo ang embahada ng US. Pinagtrabaho sila at sinahuran bilang mga manggagawang pangkonstruksyon gayong iniempleyo sila batay sa kanilang mga kakayahang teknikal. Isa na rito ang isang Pilipinong kunwa'y inempleyo dahil sa kanyang kasanayan bilang *telephone repairman*. Pagdting sa Baghdad, pinagtrabaho siya bilang manggagawa sa kons-

truksyon at sinahuran ng mas mababa sa nakasaad sa kanyang kontrata.

Pinagtatrabaho sila nang walang sapat na proteksyon, walang sapatos, walang mga gwantes at sinutrong pangkaligtasan (*harness*). Pinatitira sila sa masisikip na *trailer* at pinagtatrabaho kahit may-sakit.

Ayon naman kay John Owens, isa ring Amerikanong nagtrabaho sa Baghdad mula 2005-2006, marami sa mga manggagawang dayuhan doon (ibig sabihin di Amerikano at di rin Iraqi) ay pinagtatrabaho nang hanggang 12 oras kada araw, pitong araw sa isang linggo.

Ang salaysay na ito nina Mayberry at Owen ay nagpatingkad sa malaaliping sitwasyon ng mga manggagawa sa Iraq. Bukod sa mga manggagawang naobserbahan nila sa Baghdad, tinatayang mayroon pang mahigit 6,000 manggagawang Pilipino na direktang sangkot sa okupasyon ng US sa Iraq. Nagtatrabaho sila bilang mga tagaluto, drayber at tagalinis ng mga pasilidad at kagamitan ng militar ng US sa Iraq.

Sa isang maigsing dokumentaryong pinamagatang "Someone Else's War", sinundan ng isang filmmaker ang kumplikado at ma-


panlinlang na proseso ng pagpuslit ng mga manggagawa mula sa mahihirap na bansang katulad ng Pilipinas tungong Iraq.

Ayon kay Ramil Autencio, isa sa

mga Pilipinong manggagawa na humarap sa kamera, hindi niya akalaing mapupunta siya sa Iraq nang umalis siya sa Pilipinas.

Si Autencio ay iniempleyo ng MGM Worldwide Manpower & General Services, isa sa mga lokal na *recruitment agency* ng First Kuwaiti. Nakasaad sa kanyang kontrata na magtatrabaho siya bilang teknisyan sa Kuwait. Pero pagkatapos ng anim na linggo sa Kuwait, bigla na lamang siyang inutusan ng mga upisyal ng First Kuwaiti na sumakay sa isang *bus* papuntang Iraq kasaama ng iba pang mga manggagawa. Nang tumutol sila, binantaan silang ipakukulong at mumultahan. Dahil sa dati nang malaaliping mga probisyon sa kanilang mga kontrata at kawalan nila ng mga karapatan, walang naga-wa ang mga manggagawa kundi sundin ang mga utes ng kanilang kontraktor.

Napag-alaman din sa dokumentaryo na halos lahat ng mga ahensyang sapilitang nagpapatrabaho sa Iraq, kabilang ang First Kuwaiti, ay mga *subcontractor* ng Halliburton Inc. Ang Halliburton ang dambuhalang kumpanyang Amerikano na kumopo sa mga kontrata para sa rehabilitasyon ng infrastruktura sa Iraq. Dati itong pinamumunuan ng bise-presidente ng US na si Dick Cheney at itinuturing na kroni ng rehimeng Bush. **AB**





Editoryal

Labanan ang kahibangan at lumalalang pasismo ni Gloria Arroyo

Tahasang pang-uulol sa mamamayang Pilipino ang talumpati ni Gloria Arroyo sa pagbubukas ng ika-14 na Kongreso nitong Hulyo 23. Malaking kahibangan ang deklarasyon ni Arroyo na mapabibilang ang Pilipinas sa hanay ng pinakamauunlad at pinakamodernong mga bansa sa loob ng 20 taon. Tuisong layunin ni Arroyo ang magayuma ang mamamayan ng kanyang mga salita habang ginagamit ang sukdulang pasistang karahasan upang panatilihin ang kasalukuyang mapagsamantala at mapang-aping sistema.


Kabulastugan ang ipinapangako ni Arroyo na pag-sulong ng Pilipinas. Sa kanyang halos isang oras na talumpati, wala siyang ginawa kundi magbasa ng listahan ng mga kalsada, tulay at iba pang proyekto sa kanyang ₱1.7 trilyong tatlong taong programang pang-imprastruktura. Ang gayong mga proyekto pang-imprastruktura ay luma nang estilo ng panloloko ng diktdurang Marcos at mga bulok na rehimen sa nakaraan upang silawin ang mamamayan at papanilain silang mayroong kaunlaran.

Ang totoo, walang idinudulot na makabuluhang pagbabago sa ekonomya ang paggawa ng ilang mga kalsada o mga tu-

lay. Walang iaambag ang ganito lamang sa pagpapaunlad ng atrasado at bulok na sistema ng produksyon sa Pilipinas. Hindi niyon nilulutas ang krisis sa ekonomya at kabuhayan ng mamamayan. Malala pa, ang gayong mga proyekto pang-imprastruktura ay gagamitin lamang na palabigasan ni Arroyo at kanyang mga kasabwat at sa katuus-tuusa'y magiging dagdag na pabigat lamang sa mamamayan.

Ang kakulangan ng imprastruktura ay salamin, at hindi sanhi, ng labis na pagkaatrasado ng bansa. Kung walang kaakibat na pagbabago sa saligang sistema ng produksyon, walang ibang kabuluhan ang pagtatayo ng mga tulay at paglalatag ng daan-daang kilometrong kalsada kundi ang pagtakpan lamang ang kalunus-lunos na ekonomya ng Pilipinas.

Para sa mamamayang Pilipino, walang saysay ang daan-daang kilometrong kalsada samantala ang lugmok sila sa sukdulang kahirapan. Salat na salat ang masang mag-sasaka at



Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **pahina 12**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-*print* sa istensil:
 - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
 - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
 - c) I-click ang **Properties**
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
 - f) Ituloy ang pag-*print*
- 3.** Hinhikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*